

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos dahil sa pagkakakilanlan natin sa Kanya. Ipanalangin na ipaalala Niya sa iyo araw-araw kung sino ka.
- Ipanalangin na ang mga mamumuno sa ating bayan sa hinaharap ay magkakaroon ng pang-unawa tungkol sa pagkakakilanlan nila kay Cristo. Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang ibahagi ang katotohanang ito sa kanilang mga buhay.
- Ipanalangin na gamitin ng Diyos ang ating iglesya upang magbigay-buhay sa komunidad kung saan lalago ang mga tao sa pagkakakilanlan nila kay Cristo.

NOTES

No Filter

Pagkakakilanlan

WEEK 1

WARM-UP

- Sino ang mga taong hinahangaan mo? Bakit ka humahanga sa kanila?
- Ibahagi ang isang bagay na ayon sa iba ay may kakayahan kang gawin.
- Kung maaari kang maging kahit na sinong tao na gusto mo, sino ang pipiliin mong maging? Bakit siya ang napili mo?

WORD *⁴Sinabi sa akin ng Panginoon, ⁵“Jeremias, bago kita nilalang sa tiyan ng iyong ina, pinili na kita. At bago ka isinilang, hinirang na kita para maging propeta sa mga bansa.” JEREMIAS 1:4,5*

Lahat tayo ay nagnanais na malaman sa iba't ibang paraan kung ano ang ating pagkakakilanlan, at ang mundo ay maraming ibinibigay na mga pagpipilian para dito. Subalit, ang ganap na nakakaalam ng tunay nating layunin ay ang Dakilang Lumikha— gaya ng pagkaka-alam ng mga imbentor sa layunin ng kanilang imbensyon. Higit sa lahat, dapat tayong makinig sa Diyos tungkol sa ating pagkakakilanlan. Nakinig si Jeremias sa mga katotohanang ipinakita ng Diyos upang bigyan siya ng katiyakan tungkol sa kanyang pagkakakilanlan. Ngayon, titignan natin kung paano makatutulong ang mga katotohanang ito upang makilala natin kung sino tayo sa Diyos.

1 | Kilala ka ng Diyos.

"Jeremias, bago kita nilalang sa tiyan ng iyong ina . . ." **JEREMIAS 1:5**

Sinabi ng Diyos na kilala na Niya sa Jeremias bago pa man siya malalang sa tiyan ng kanyang ina. Bilang ating Tagapaglikha, mas kilala Niya tayo kaysa sa pagkakakilala natin sa ating mga sarili. Paano natin kinikilala ang ating mga sarili? Paano nabago ng kaalaman na kilala ka ng Diyos ang pagkakakilala mo sa iyong sarili?

2 | Pinili ka ng Diyos.

". . . bago kita nilalang sa tiyan ng iyong ina, pinili na kita . . ."

JEREMIAS 1:5

Ang pagiging "pinili" ay nangangahulugan na tayo ay ibinukod para sa Diyos. Itinalaga ng Diyos ang mga naniwala sa Kanya upang maging katulad Niya at hindi maging katulad ng kasalanan, upang maging banal at makipag-ugnayan sa Kanya. Gaya ng pagtatalaga ng Diyos kay Jeremias, tayo din ay itinalaga kay Cristo. Paano nabago ng kaalamang nais ng Diyos na magkaroon ng ugnayan sa atin ang pananaw natin tungkol sa ating pagkakakilanlan?

3 | Hinirang ka ng Diyos.

". . . At bago ka isinilang, hinirang na kita para maging propeta sa mga bansa." **JEREMIAS 1:5**

Itinalaga ng Diyos si Jeremias bilang isang *propeta sa mga bansa*. Ang propeta ay isang indibidwal na naghahayag ng nais sabihin ng Diyos. Bagama't ang tawag na ito ay hindi para sa lahat ng tao, itinalaga ng Diyos ang lahat ng tao para sa isang natatanging layunin, at ang pagpapahayag ng Salita ng Diyos ay laging bahagi nito. Saan ka man inilagay ng Diyos, hinirang ka Niya upang ipakilala sa iba kung sino Siya (Marcos 16:15). Paano mo tinutulungan ang mga tao sa paligid mo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos?

APPLICATION

- Anong berso sa Bibliya ang nagpapa-alala sa iyo kung sino ka kay Cristo? Mangakong kakabisaduhin ito at ipahayag ang bersong ito araw-araw.
- May ipinapakita ba ang Diyos na mga pagdududa o maling kaisipan na mayroon ka tungkol sa sarili mo? Anu-ano ang mga ito? Hingin ang kakayahan mula sa Diyos upang pagtagumpayan ang mga ito.
- Sino ang maaari mong matulungan at mabigyan ng lakas ng loob tungkol sa pagkakakilanlan nila kay Cristo? Mangakong kakausapin sila tungkol dito sa susunod na linggo.